

# GABAY NG MGA MAGULANG SA MGA IMMUNIZATION KINAKAILANGAN SA MGA PRE-KINDERGARTEN (Child Care)



Dapat ipakita ng mga magulang ang Immunization Record ng kanilang anak bilang patunay ng mga immunization (mga bakuna) bago magsimula ang pre-kindergarten (child care) at sa checkpoint sa bawat edad pagkatapos ng pagkakatanggap sa paaralan:

Edad sa pagkakatanggap/checkpoint	Mga Kinakailangang Dosis
<b>2-3 Buwan</b>	<b>1 Polio</b> <b>1 DTaP</b> <b>1 Hep B</b> <b>1 Hib</b>
<b>4-5 Buwan</b>	<b>2 Polio</b> <b>2 DTaP</b> <b>2 Hep B</b> <b>2 Hib</b>
<b>6-14 na Buwan</b>	<b>2 Polio</b> <b>3 DTaP</b> <b>2 Hep B</b> <b>2 Hib</b>
<b>15-17 Buwan</b>	<b>3 Polio</b> <b>3 DTaP</b> <b>2 Hep B</b> <b>1 Hib*</b> (sa araw ng o pagkatapos ng unang kaarawan) <b>1 Varicella</b> <b>1 MMR</b> (sa araw ng o pagkatapos ng unang kaarawan)
<b>18 Buwan-5 Taon</b>	<b>3 Polio</b> <b>4 DTaP</b> <b>3 Hep B</b> <b>1 Hib*</b> (sa araw ng o pagkatapos ng unang kaarawan) <b>1 Varicella</b> <b>1 MMR</b> (sa araw ng o pagkatapos ng unang kaarawan)

\* Dapat naibigay ang isang dosis ng Hib sa araw o pagkatapos ng unang kaarawan anuman angnaunang ibinigay na dosis. Kinakailangan lang para sa mga batang 5 taong gulang.

Polio = hindi nakaaktibong bakuna sa [polio](#) (inactivated polio vaccine, IPV) [iniinom na bakuna sa polio (oral polio vaccine, OPV) ay hindi kabilang]

DTaP = [diphtheria toxoid](#), [tetanus toxoid](#), at bakunang acellular [pertussis](#)

Hep B = bakunang [hepatitis B](#)

Varicella = bakuna para sa [chickenpox](#) o bulutong-tubig

Hib = bakuna sa [Haemophilus influenzae, type B](#)

MMR = [measles](#), [mumps](#), at bakuna sa [rubella](#)